Batayang Ordinansa Quiz

Bilugan ang "Oo" o "Hindi."

1. Ang mga bata ay may iba't ibang karapatan. — Oo / Hindi
2. Makakapag-relax at makakapagpahinga ang mga bata. — Oo / Hindi
3. Ang mga bata ay protektado mula sa karahasan. — Oo / Hindi
4. Ang mga bata ay malayang magsalita ng kanilang iniisip. — Oo / Hindi
5. May mga lugar kung saan maaaring humingi ng tulong ang mga bata. — Oo / Hindi

Kung may gusto kang itanong o pag-usapan, mangyaring tawagan kami. Malugod naming tinatanggap ang pakikipag-usap anuman ang paksa nito. Hindi namin itatanong ang iyong pangalan. Pananatilihin naming pribado ang ating mga pag-uusap.

Gusto ko lang makipag-usap...

Makipag-usap sa Amin! - Tokyo Children Networks

Gumaan ang pakiramdam ko!

0120-874-374 Walang bayad

Available lang sa Japanese

Lunes hanggang Biyernes: 9:00 am hanggang 9:00 pm
Sabado, Linggo, pista opisyal: 9:00 am hanggang 5:00 pm
(Sarado: Disyembre 29-Enero 3)

Mga sagot sa pahina 7: Ya-Sa-I (Gulay), (2)Ha-Sa-Mi(Gunting), Sagot sa QUIZ: 1. Oo, 2. Oo, 3. Oo, 4. Oo, 5. Oo

Mga batang editor

Ayane (ika-2 baitang), Iori (ika-2 baitang), Kiho (ika-3 baitang), Kota (ika-2 baitang), Seiichiro (ika-3 baitang), Manami (ika-3 baitang), Minami (ika-2 baitang), Momoki (ika-3 baitang), Yuzu (ika-2 baitang)

Audio code

Ang brochure na ito ay mayroong Uni-Voice audio code na naka-print sa bawat pahina. I-scan ang code gamit ang Uni-Voice app sa smartphone at iba pang device para ma-access ang audio content ng brochure.

Inisyu noong Marso 2023
In-edit at Inisyu ng Planning Section, Child-Oriented Policies Liaison and Promotion Division, Liaison Office for Child-Oriented Policies, Tokyo Metropolitan Government
2-8-1 Nishi Shinjuku, Shinjuku-ku, Tokyo 163-8001 Japan
Telepono: 03 (5388) 2165

*Lahat ay batay sa impormasyon noong Marso 2023. *Ang lahat ng mga imahe ay para sa mga layuning panglarawan lamang. *Ang hindi awtorisadong reproduksyon, muling pag-print, pagkokopya o paggamit ng mga larawan at imahe sa handbook na ito ay ipinagbabawal, maliban kung nalalapat ang mga pagbubukod sa ilalim ng Copyright Act ng Japan.



Ang ating Ordinansa

Kuwento tungkol sa Batayang Ordinansa ng Tokyo Metropolitan Government Ukol sa mga Bata

Handbook

Para sa mga nasa 1 hanggang ika-3 baitang ng elementarya

TOKYO METROPOLITAN GOVERNMENT

Audio code

Una, alamin natin ang tungkol sa Batayang Ordinansa ng Tokyo Metropolitan Government Ukol sa mga Bata !

May karapatan din ba ang mga bata?

Ano ang ordinansa?

Ang bawat bata ay may mga karapatan na walang pinagkaiba sa mga matatanda dahil tao rin sila.
Ang ilan sa mga karapatang ito ay para lamang sa mga bata.
Ang Batayang Ordinansa ng **Tokyo Metropolitan Government Ukol sa mga Bata** ay nilikha upang matiyak na ang mga karapatan ng mga bata ay iginagalang at nabubuhay tayong lahat nang masaya.
Ang Batayang Ordinansa ay itinulad sa United Nations Convention on the Rights of the Child, na isang set ng mga pangakong ginawa sa pagitan ng iba't ibang bansa sa buong mundo.

Ang ordinansa ay isang set ng mga pangako ng isang lokal na pamahalaan.

Halimbawa, nahihirapan ka ba sa mga bagay na tulad nito?

- Walang mga lugar kung saan makakapaglaro, walang oras upang maglaro.

- Hindi ko masabi sa matatanda ang iniisip ko

- Tinamaan ako.
- Sinabihan nila ako ng mga masasakit na salita.

Ito ay Child-Friendly Tokyo

Maaari kang maglaro hanggang gusto mo at malayang palipasin ang iyong oras.

Gumagawa ang mga matatanda ng mga lugar kung saan maaari kang maglaro.

Malaya mong sabihin ang iniisip mo.

Pinapahalagahan ng mga matatanda ang iniisip mo at sineseryoso nila ito.

Ikaw ay protektado mula sa karahasan.

Pinapanatili kang ligtas at panatag ng mga matatanda.

Audio code

Ito ay Child-Friendly Tokyo!

Alamin natin ang tungkol sa ating mga pangako sa Batayang Ordinansa ng Tokyo Metropolitan Government Ukol sa mga Bata. Ang mga pangakong ito ay nakasulat sa “Mga Artikulo.”

Artikulo 4 Ang mga bata ay may sariling karapatan. Iginagalang ang mga karapatan ng mga bata.

Siguro naiiba ako sa iba.

Sa tingin ko, hindi mo kailangang baguhin ang sarili.

Artikulo 10 Nakikinig kami sa mga pananaw ng mga bata at siniseryoso namin ang mga ito.

Susuportahan kita!

Alam ko kung ano ang gusto kong maging sa hinaharap.

Artikulo 8 Maaaring mag-aral ang mga bata nang walang pag-aalala.

Artikulo 13 Maaaring humingi ng tulong ang mga bata kapag sila ay may problema.

Maglaro hangga't gusto mo.

Masaya ako na marami akong nalalaro.

Artikulo 11 Tumutulong kami sa pakikilahok ng mga bata sa mga aktibidad sa paaralan at komunidad.

Magpapahinga muna ako.

Artikulo 7 Gumagawa kami ng mga palaruan at mga pangatlong lugar kung saan komportable ang mga bata.

Artikulo 5 Gagawin nating Child-Friendly ang Tokyo.

Artikulo 12 Sinasabi namin sa mga matatanda at bata na ang mga bata ay may mga karapatan.

Huwag kang mag-alala! Pag-isipan natin ito nang magkasama!

Artikulo 14 Ang mga matatanda ay nagtutulungan upang tulungan ang mga bata kapag hindi napoprotektahan ang kanilang mga karapatan..

Magandang umaga!

Artikulo 6 Pinoprotektahan namin ang mga bata mula sa mga panganib.

Maging maingat kayong lahat.

Magandang umaga!

Salamat!

Ingat.

Paalam.

Artikulo 9 Sinusuportahan namin ang mga bata at kanilang pamilya.

Audio code

Ang pahinang ito ay idinisenyo gamit ang mga laro gamit ang mga salita sa Japanese.

Tandaan Natin ang Nakasulat sa Ordinansa.

A Ma I

Matamis na Bulaklak

O Ha Na

A — Pakiramdam na panatag

Ma — Pinoprotektahan

I — Makakahanap ng mga lugar na kinabibilangan mo

O — Malayang makapagsalita sa mga matatanda

Ha Na — Makakahanap ng mga lugar kung saan makakapag-usap ang mga bata

[Para sa mga magulang]

Maaaring ma-access ang buong teksto ng Basic Ordinance sa aming website.

Subukan Natin!

May iba pang mga card sa ibaba.
Bumuo tayo ng mga salita gamit
ang unang titik ng bawat card.

Clue (1)

Clue (2)

Mga sagot sa susunod na pahina. »

Sa — Makilahok

Ki — Hindi nasaktan

Su — Mga kumportableng palaruan

So — Maaaring humingi ng tulong

Ha — Maaaring makipag-usap sa ibang tao

I — Iba't ibang karapatan

Ya — Lumikha ng Child-Friendly Tokyo

Mi — Mahalaga ang kaligayahan ng bawat isa

Audio code